# Tagaplaster

Isang uri ng trabaho kung saan tinatapalan ang pader, sahig at bubong ng mga gusali gamit ang plaster na gawa sa putik, stucco o mortar.



## Gawain ng tagaplaster

### Benepisyo ng trabaho

Magbibigay kasiyahanan sa sarili dahil nakikita mo ang kinalabasan ng iyong trabaho.
Gumagamit ng kutsara para ilapat ang plaster.
Nararamdaman mo ang kahalagahan ng trabaho kapag maganda ang pagkakalapat ng plaster at maayos ang kinalabasan nito kaya nasisiyahan ang kustomer.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Taong may malawak na imahinasyon upang makalikha ng maganda at muhusay na trabaho.
Mahilig magsaliksik kapag may pumukaw sa interes.

### Para maging isang tagaplaster

Magtrabaho sa kumpanya na tagaplaster at kumalap ng kaalaman at karanasan sa pag-plaster sa mga proyekto at lugar ng pagsasanay.
Mag-ipon ng karanasan sa iba't ibang proyekto at kapag lumawak ang teknikal na kaalaman, maaari kang magsarili at magtayo ng sariling kumpanya.



Paghahalo ng materyales at pag-aayos ng tigas nito.



Larawan ng paglalapat ng plaster sa pader gamit ang kutsara.

## Panayam kay Ginoong Yusaku Kawai, Tagapangulo ng Shizuoka-ken Sakangyō Kumiai




### Maaari ba itong gawin ng isang dayuhan?

Maaaring gawin ang trabaho ano pa man ang nasyonalidad kung may malaking paghahangad at ambisyon.
Marami ring mga dayuhan na aktibong tagaplaster ang kumuha ng pambansang eksam at "lisensyadong tagaplaster" at may malalim na kaalamang teknikal at ambisyon.

### Maaari bang gawin ang trabaho kahit walang lisensya?

Hindi kinakailangan ang lisensya kung nagsisimula pa lamang sa trabaho.
Para maging ganap na bihasa sa trabaho at maiangat ang sariling kakayahan, marami ang kumukuha ng pambansang eksam para maging "lisensyadong tagaplaster".

### Saan maaaring makapagtrabaho?

Mga kontraktor o kumpanya sa konstruksiyon, mga kumpanya na nagkukumpuni ng gusali/bahay at kontraktor ng konstruksiyon na gumagawa sa panlabas ng gusali/bahay.
Naghahanap kami ng mga kabataan na nais maging tagaplaster.

**Message**

Ang mga tagaplaster ay gumagamit ng mga natural at ligtas na materyales sa trabaho. Maganda ang kondisyon ng paligid para sa kalusugan ng mga naninirahan at mga trabahador. Matagal man bago maging isang ganap na bihasang tagaplaster, ito ay pang-habang buhay na trabaho. Sa kasalukuyan maraming dayuhan at babae na aktibong tagaplaster dulot ng pagbabago at pagpapabuti ng pagsasanay at pangangasiwa sa kaligtasan sa trabaho.

Kapag interesado sa trabahong ito → Telepono

Shizuoka-ken Sakangyō Kumiai

Tel 054-286-2442